# 1

Nakangiting lumapit si Ate Myles kay Diana. “Hulaan mo kung ano ang na-wholesale sa akin ngayon?” untag nito.

Binitiwan ni Diana ang ballpen at humarap sa pinsan at assistant. “Ano?”

“’Yung old stocks natin ng yarn na halos kumupas na ang kulay. ’Yung mga kulay gray at violet.”

Nanlaki naman ang mga mata niya. “Ows? Ang dami n’on, ah.”

Naupo si Ate Myles sa harap ng desk niya. “Mismo. Simula yata nang itinayo ng nanay at tatay mo itong store na ito ay narito na ang mga stocks na ’yon, ngayon lang nabili.”

“Sobra ka naman. Hindi naman. Grade six pa lang ako nang itinayo ’to. Mga five to six years pa lang ang mga ’yon,” depensa niya.

Ang Sta. Maria Cloth and Yarn ay nasa Binondo, Maynila. Iyon ang maliit na negosyong naiwan kay Diana ng kanyang mga magulang. Mahigit isang taon lamang ang pagitan ng kamatayan ng mga ito

at parehong atake sa puso ang ikinasawi ng mga ito. Nasa kolehiyo pa lamang siya noong nangyari ang magkasunod na trahedyang iyon sa kanyang buhay.

Nang magtapos siya ng kursong Business Management ay pinagsikapan na lang niya na maging maayos ang takbo ng negosyong iyon. Kaysa mag-empleyo siya, mas ginusto niyang ituloy ang pamamahala roon. Ang tiyahin niya sa panig ng ina ang nag-manage niyon noong nag-aaral pa siya pero nang maka-graduate siya ay umuwi na rin sa probinsya ang Tiya Naty niya. Magwawalong taon na rin niyang itinataguyod ang negosyong iyon sa tulong ng malayong kamag-anak at kaibigan niyang si Ate Myles. May isa pa siyang tindera cum kahera at isang boy na taga-deliver kapag bultuhan ang delivery. Balo na si Ate Myles at may isang anak. Cuarenta y cinco años na ito.

"Ang galing mo naman, Ate Myles," bati niya sa malaking benta nito.

"Siyempre ginagalingan ko para hindi sayang ang ipinapasuweldo mo sa akin. Kung mamamasukan akong serbidora o mananahi sa pabrika, hindi ko kikitain ang salary ko rito."

Lubos ang tiwala niya kay Myles. Matagal na silang magkasama at kahit minsan ay hindi sila

nagkaroon ng argumento.

"I-deposit mo na agad ang pera na 'yan bukas," bilin nito.

"Oo. Malaki-laki rin ito. Mukhang gumaganda lalo ang takbo ng negosyo natin samantalang 'yung iba, wala nang ginawa kundi dumaing na bagsak ang negosyo nila. Baka matuloy na next year ang pagpapa-renovate ko nito."

"Marami kasi tayong regular buyers," sagot ni Myles. Mayamaya ay napansin nitong patuloy siya sa ginagawang pagko-compute ng kita. "O, akala ko ba may pupuntahan ka?" pag-iiba nito ng usapan. "Hindi ba't may date kayo ni Carlos?"

"Canceled na," hindi tumitinging sagot ni Diana habang panay ang pindot sa calculator.

Ang lalaking binanggit ay isang bank teller sa isang bangko sa España, na matagal-tagal na ring nanliligaw sa kanya.

"Bakit?"

"Bigla ko kasing naisip na magsasayang lang ako ng oras. Sasama akong mag-date tapos, wala rin naman," matapat na aniya. Wala silang sekreto sa isa't isa ng assistant. Best friend talaga ang turingan

nila.

"Paano ka magkaka-boyfriend niyan?" untag nitong nakakakunot pa ang noo.

"Kaya nga ayoko nang makipag-date kasi ayoko rin namang makipag-boyfriend nang seryosohan."

Nabigla ito. "Ha? Paano ka makakapag-asawa kung hindi ka magbu-boyfriend nang seryosohan?"

Itinigil ni Diana saglit ang ginagawa at tiningnan ito. "Ate Myles, hindi na ako mag-aasawa. Hindi ba't sinabi ko na sa iyo?"

Tumaas ang kilay nito. "Dahil na naman kay Efren? Diyos na mahabagin naman, oo! Aba'y mahigit tatlong taon ka nang nagmumukmok sa pagkamatay ng boyfriend mo, ah."

Napalunok si Diana. Tatlong taon na nga ang nakakaraan, pero masakit pa rin sa dibdib kapag sumasagi sa alaala niya ang nangyaring trahedya sa mapapangasawa sana niyang si Efren. Fourth year high school pa lamang ay boyfriend na niya ang lalaki. Ito ang nakasama niya sa kalungkutan noong magkasunod na namayapa ang kanyang mga magulang. Ang binata rin ang katuwang niya sa pangarap—kasama niya sa pagbuo sana ng magandang pamilya.

Mabait si Efren. Ito ang kabuuan ng lalaking gusto niyang makasama sa kanyang buhay. Responsable, matalino, guwapo. Ipinangako niyang ito na ang una at huling lalaking mamahalin niya dahil alam niyang siya lamang ang una't huling babae sa puso nito.

Noong namatay si Efren, para na rin siyang namatay. Nawalan ng kulay ang mundo ni Diana. Na para bang humihinga na lamang siya dahil kailangan, ngunit nawalan na ng kabuluhan ang kanyang pagkatao. Tuluyan na yatang nagsara ang puso niya sa ngalan ng pag-ibig.

Inagaw ng malagim na aksidente sa mismong bisperas ng kanilang kasal ang buhay ni Efren. Parang bangungot na bumabalik sa alaala niya ang tagpong iyon.

"Diana," untag ni Myles na pumutol sa pagbabalik-tanaw sana niya, "matagal nang wala si Efren. Kailangan mo namang maging masaya. Mahirap tumandang mag-isa."

Napalingon siya sa pinsan. "Puwede naman akong mag-ampon."

Nanlaki ang mga mata ng kanyang kaharap. "Ampon?" anito. "Ka-dalaga mong tao, mag-aampon

ka? Di mag-asawa ka na lang."

"Sumumpa ako kay Efren. Siya lang ang lalaki sa buhay ko," seryoso niyang tugon.

"Para ka namang sira. Mauunawaan naman ni Efren kung umibig ka uli."

Umingos si Diana. "Umibig? Hindi na mangyayari 'yon, Ate Myles. Isa lang ang puso ko at para lang kay Efren iyon."

Inabot nito ang palad niya at pinisil. "Diana, kailangan mong lumigaya. Hindi pa huli ang lahat. Marami namang nanliligaw sa iyo ah. At 'yang si Carlos, okay siya. Guwapo at may maayos na trabaho."

"Pero hindi ko naman siya gusto. Magiging unfair lang ako sa kanya kaya huwag na lang."

"Nasasabi mo 'yan ngayon kasi medyo bata ka pa. Kapag matanda ka na, baka bigla kang mangarag diyan. Kung makakapagpakita sa iyo si Efren, siya pa mismo ang magsasabi sa iyo na umibig ka na sa iba. Kaya puwede ba, makipag-date ka na kay Carlos."

Natawa siya. "Na-cancel ko na nga at ayoko nang paasahin pa siya."

Hindi na namilit pa si Myles. "Bahala ka na nga."

Papabalik na ito sa puwesto nito nang bigla itong may naalala. "Ay, siyanga pala. Nang kumakain ka kanina, may tumawag. Gusto ka raw makausap."

"Sino?" walang interes na tanong niya.

"Architect Ronald Andres daw."

Inalis ni Diana ang mga mata sa ginagawa at kinunutan ng noo ang assistant. "Architect? Tungkol daw saan?"

Nagkibit-balikat ang babae. "Aba'y ewan ko. Akala ko nga'y para sa renovation nitong tindahan."

"Ate, hindi natin kailangan ng arkitekto para sa renovation nito. Karpintero lang ang katapat nito at drawing ko. Hindi ko na babaguhin ang design ng shop," paliwanag niya.

"Eh, sino 'yon?"

She shrugged her shoulders. "Ewan ko. Ano ba'ng sinabi?"

"Tinanong ko kung ano'ng kailangan. 'Yung may-ari daw ang gustong makausap. Sabi ko, tumawag na lang uli," anito bago nagpahabol, "Alam mo, in fairness, mukhang guwapo siya kasi ang ganda ng boses niya. Parang DJ sa radyo."

Tumawa siya. “Voice is deceiving. Di ba hindi naman lahat ng DJ sa radio guwapo?”

“Kunsabagay,” turan nito. “O siya, kung hindi ka aalis, magmi-merienda na lang muna ako sa labas. Kung gusto mo, ipagti-take out kita.”

“Sige. Ibili mo ako ng halu-halo. Mainit, eh,” bilin niya.

“Okay. Dito na rin lang ako kakain. Ite-take out ko na rin ’yung sa akin.”

Katatalikod pa lang si Myles at kasasara lamang ng pinto nang nag-ring ang telepono sa mesa niya.

“*Sta. Maria’s Cloth and Yarn*, good afternoon,” bati niya pagkaangat ng telepono.

“Hi. Good afternoon,” anang nasa kabilang linya. Lalaki ito.

Napakunot ang noo niya. Malagom ang boses nito. Baritono. “Yes, Sir?”

“I’m looking for the owner.”

“This is the owner speaking, Sir. My name’s Diana. How may I help you?” Ewan ba niya kung bakit may kung anong kislot siyang naramdaman sa kanyang puso sa muling pagkarinig sa macho na

boses nito.

“Tumawag ako kanina. This is Architect Ronald Andres.”

*So siya ang sinasabi ni Ate Myles*, bulong ng utak niya. Tama nga ang sinabi ng assistant niya ukol sa boses nito. “Y-yes? What can I do for you, Sir?”

“Ikaw ba ang may-ari ng shop?”

“Ako nga po.”

Narinig niya ang mahinang pagtawa nito sa kabilang linya. “I was thinking na matanda ang makakausap ko. With your voice, I could say na batang-bata ka pa. Sa pagkakaalam ko kasi, karamihan sa nasa Binondo, Chinese na matanda ang may-ari ng mga tindahan.”

*Presko ang isang ito*, sa loob-loob ng dalaga. “I am not too young. I’m of age na po,” sarkastikong sabi niya.

“And I’m not too old para po-in mo, Miss—ahm… Diana, right?”

Bumilis ang pintig ng kanyang puso. Gusto niya agad pagalitan ang sarili. She was not used to flirting with men. Kapag nasi-sense niyang may ganoong motibo ang lalaking kausap niya ay pinuputol agad

niya ang usapan. And she had to cut the conversation with the man on the other line.

“Ano ba’ng kailangan ninyo?” Bahagya niyang tinarayan ang boses.

“Gusto ko sanang magpa-set ng appointment sa iyo.”

“Tungkol saan? Paano mo ako nakilala?” magkasunod niyang tanong.

“Nagpunta na diyan ang isang staff ko. Nabigyan siya ng calling card mo.”

“Ano ba’ng kailangan mo sa akin?” Bahagya siyang may kaba sa dibdib. Usong-uso ang Budol-budol Gang. Baka pinag-aaralan na ng sindikato ang takbo ng negosyo niya at kung paano sila maiisahan. May malaking benta pa naman sila ngayon.

“I have a proposal for you, Diana.”

Nagnakaw muna siya ng buntong-hininga bago sumagot. “Kung anuman ang proposal na ’yan, hindi ako interasado. I’m sorry. Goodbye…”

“Wait! Sandali lang…”

“Look, busy ako. Marami akong kailangang tapusin. I can’t stay long talking to you.” Hindi na

niya binigyan ng pagkakataong makapagsalita pa ang lalaki. Ibinaba agad niya ang telepono. Mas lalo siyang inalihan ng kaba. Baka nga sindikato iyon na nagmamanman na sa kanila.

# 2

Si Myles ang nag-open ng tindahan kinabukasan dahil tinanghali ng gising si Diana. Tig-isa naman sila ng susi ng assistant para walang problema kung may ma-late sa kanila. Nang tumawag siya ay naroon na ito.

"Medyo mali-late lang ako, Ate Myles. Ayaw kasi akong paalisin ni Nanay Saria nang hindi nagbi-breakfast. Na-late pa naman ako ng gising," sabi niya. Ang tinutukoy niya ay ang may-edad na niyang kasambahay.

Ibinilin na niya sa babae ang mga delivery receipts na ginawa niya kahapon na kailangang ma-deliver nang maaga.

"Don't worry. Take your time," saad ni Myles.

Panatag naman si Diana sa pinsan. Matapos mag-breakfast ay naghanda na siya sa pag-alis.

Inihatid pa siya ni Nanay Saria hanggang sa gate. She drove her own *Civic Honda*. Ang isa pa niyang sasakyan na isang van ay ginagamit sa delivery ng produkto niya sa mga wholesale customers. Ang bahay niya ay nasa may Tambo, Parañaque kaya

malayu-layo rin ang mamanehohin niya hanggang sa Binondo.

Eksaktong red ang stoplight sa Airport Road sa Baclaran ay nag-ring ang kanyang cellphone. Numero sa tindahan ang nakarehistrong caller. Dahil nakahinto naman ang sasakyan kaya sinagot niya ang tawag. Alam niyang si Myles ang tumatawag.

"Hello…"

"Diana, 'asan ka na?"

"Sa Baclaran pa lang. Ma-traffic, eh. Bakit? May problema ba?" Isiningit niya sa kanyang tainga at balikat ang cellphone dahil nag-green na ang traffic light.

"May naghihintay kasi sa iyo dito."

"Sino?" takang tanong niya.

"S-si Architect Andres…"

"Sino?"

"'Yung sinabi ko sa iyo kahapon. 'Yung nakausap mo rin."

Naalala na niya. Iyong pang-DJ ang boses. "Ano ba'ng kailangan niya? Sinabi ko nang…"

"Importante daw kaya hihintayin ka."

Napabuntong-hininga si Diana. "Mag-iingat kayo diyan. Baka masamang tao 'yan," babala niya. "Nasaan siya? Baka papasukin mo sa opisina, ha? Baka bigla ka na lang mahipnotismo at buksan mo ang vault," OA na pag-andar ng imahinasyon niya.

"Hoy, grabe ka naman!" natatawang reaction ni Ate Myles. "Nasa selling area siya, patingin-tingin lang. Naroon naman si Bening at Al. Dumating na sila galing sa delivery."

"Sabihin mo sa kanila, alerto sila at baka masamang tao 'yan. Mahirap na. Marami nang nabiktima ang Budol-budol diyan."

Tumawa muli si Myles. "Hindi naman. Mukhang mabait at saka bukod sa simpatiko, ang kotse, 'day, nakakalula. Naka-*BMW*."

Ewan ba niya kung bakit napuno ng curiosity at anticipation ang kanyang puso sa narinig. "Ah, basta! Huwag kayong magtiwala agad," aniya. "Sige na. Parating na ako diyan."

Habang nagmamaneho ay sari-sari ang pumasok sa utak niya na mga tanong. Ano naman kaya ang kailangan sa kanya ng arkitektong iyon, kung totoo mang iyon nga ang propesyon niyon?

She was wondering who he was and why he wanted to talk to her.

Malayo pa lang sa puwesto ng *Sta. Maria's Cloth and Yarn* ay natanaw na ni Diana ang magarang midnight blue *BMW* na naka-park sa tabi ng delivery van nila. Nag-park siya ng kanyang kotse na nakareserbang slot para sa kanya.

Pumasok siya agad sa tindahan. Naabutan niyang naggugupit ng cross stitch cloth si Myles habang abala ang kaherang si Emy sa pagpupunas ng showcase. May dalawang customers na babae na pumipili ng yarn. Iniikot niya ang paningin sa loob ng tatlumpu't limang metro kuwadradong lawak ng store. Wala ang lalaking tinutukoy ni Myles.

Nilapitan niya ang assistant. "Ate Myles…"

Lumingon ito sa kanya. "Ay, 'andiyan ka na pala. Hindi kita napansin."

"'Asan 'yung sinasabi mong arkitekto?" tanong niya.

Luminga ito. "Naku, baka nainip. Tingin kasi nang tingin sa oras habang naghihintay sa iyo."

"Sigurado ka bang mukhang matino 'yon? Baka naman magsasayang lang ako ng oras sa kanya.

Mabuti sana kung makakatulong iyon sa negosyo natin. Aba'y talagang nag-alala ako na baka may hindi magandang gawin 'yon. Halimbawa'y naniniktik kung marami tayong customers araw-araw. Naku, Ate Myles! Sinabi pa naman niya kahapon, nakuha niya ang pangalan at number ko sa calling card," mahabang aniya.

"Ikaw talaga, oo. Masyado kang negative. Hindi siya mukhang mandurugas. Mukha ngang artista. Parang mabait at super guwapo. At saka ang ganda nga ng kotse, nakita mo ba?"

Yumuko si Diana at inayos ang magulong yarn na nakasalansan sa glass showcase at dere-derechong sinabi sa assistant, "Maraming mapagpanggap ngayon. Hindi porque mukhang disente at naka-*BMW*, mapagkakatiwalaan na. Kaya, Ate Myles, kailangan nating maging maingat. Baka ang lalaki na 'yon, nagpapanggap lang na architect. 'Yun pala, miyembro ng Budol-budol Gang—"

Kinalabit siya ni Myles. "Diana…"

Hindi niya iyon pinansin at nagpatuloy sa pagdaldal. "Natatandaan mo si Mrs. Cheng? 'Yung nasa kabilang block na may-ari ng tindahan ng mga engineering products, di ba, na-Budol-budol kailan lang. Ang nanloko sa kanya, naka-necktie pa. At

habang kinakausap siya, hindi niya namamalayan na ibinibigay na pala niya ang maghapong benta pati ang mga alahas niya. Nahipnotismo talaga! Kaya, Ate Myles, kapag bumalik ang Architect Ronald Andres na ’yon, pakisabi—”

Kinalabit siya uli ni Myles. “Diana, ’andito na siya.”

Bigla ang paglingon niya at muntik na siyang masamid nang pagtingala niya ay nagtama ang mga mata nila ng lalaki. May hawak itong styrofoam coffee cup. He was tall; tantya niya higit sa anim na talampakan ang taas. He had broad shoulders. And his face and built could be compared to an action star. Wala siyang mapaghawigang local actor rito pero aminado siya, mukha talaga itong artista.

Medyo singkit ang mga mata nito; hindi kaputian pero hindi rin maitim. Tamang-tama ang balat nito para sa isang lalaki. Makapal ang kilay nito na bumagay sa mga mata nito. Ang ilong nito ay parang nililok ng isang magaling na iskultor.

He was wearing pale yellow short-sleeved polo tucked in faded denim jeans. Ang suot nito sa paa ay itim na leather shoes.

*Gosh!* Hindi akalain ni Diana na sa loob ng

maikling sandali ay naparaanan niya ng tingin ang kabuuan ng lalaking iyon.

Ngumiti ito. “Hello, Diana. Ako si Architect Ronald Andres.”

Tiningnan niya nang masama si Myles. Nakahalata naman ito. “Kanina pa siya diyan. Kinakalabit kita, ayaw mong tumigil sa pagsasalita,” mahinang paliwanag nito.

“N-narinig mo ang sinabi ko?” tanong niya sa lalaki.

Tumango ito, bakas ang amusement sa mga mata. “Lumabas lang ako saglit para bumili ng kape sa restaurant sa kabilang kanto,” sagot nito. “First things first, hindi ako miyembro ng Budol-budol at hindi ako mandurugas,” nangingiting paliwanag nito. “My intention is purely business.”

Napalunok si Diana. Nag-init ang mga pisngi sa pagkapahiya. “I’m… I’m sorry about that. Nag-iingat lang kami kasi marami talagang gago na manggagantso.”

Ngumiti uli ito. Noon niya napansin na may dimple ito sa kaliwang pisngi. Pati ngipin nito ay kay puputi at pantay-pantay.

"It's all right. Talagang pumunta lang ako rito kasi pinagbabaan mo ako ng telepono kahapon."

Lalo siyang nag-blush. "L-look, wala kasi akong… ano bang proposal 'yung sinasabi n'yo, Architect Andres?"

"Call me Ronald please. Masyado namang pormal 'yan," anito. Nakakintal pa rin ang ngiti sa labi nito.

Gustong pigilan ni Diana ang eratikong pintig ng kanyang puso pero hindi niya nagawa. "O-okay. What is it that you want?"

Humigop ito ng kape sa hawak na styro coffee cup. "Can we sit down habang nag-uusap? Puwede bang sa office mo o gusto mo sa labas?"

Napalunok siya uli. "S-sa office ko na lang," aniya. Bumaling siya sa pinsan. "Ate Myles, sumama ka."

Nakita niyang muli ang pagngiti ni Ronald. "You really don't trust me, ah?" anito.

"Assistant ko si Ate Myles. She has to hear whatever it is that you will discuss," depensa ni Diana. Nagpatiuna siya sa pagpasok sa opisina, kasunod sina Myles at Ronald.

Ewan ba niya kung bakit mabilis ang tibok ng kanyang puso kahit nang nakaupo na siya sa kanyang office chair. Kaharap niya sina Ronald at Myles na inokupa naman ang dalawang guest chair sa harap ng desk niya.

Ibinaba ng lalaki ang styro cup sa ibabaw ng mesa saka iniikot ang paningin sa loob ng opisina. “Malaki ang space ng opisina mo,” pansin nito. “Mas malaki pa kaysa sa selling area.”

“Kapag nagpa-renovate ako, mababawasan ang office space o baka magpagawa ako ng second floor para sa opisina,” aniya.

“So, plano mong ipa-renovate itong store mo?” untag nito matapos humigop ng kape.

Nangunot ang kanyang noo. “Nagsa-survey ka ba o gumagawa ng case study para sa mga small scale businesses?”

Nagpakawala ito ng maikling tawa. “Not exactly. Gaya ng nasabi ko, I have a proposal for you, Diana.”

“Then say it. Ano ba ’yon?”

Derecho ang tingin nito sa mga mata niya. “Nabili ko ang lote sa likod nitong store mo. No, ahm… actually, na-acquire iyon ng kompanya ko

two years ago."

Nagkatinginan sila ni Myles. Humigit-kumulang dalawang libong metro kuwadrado ang loteng iyon. Sa pagkakaalam niya ay nalugi ang negosyo ng may-ari ng lupa at isinanla iyon sa bangko.

"S-so? Ano'ng kinalaman noon sa proposal mo?"

Hindi pa rin nito inaalis ang tingin sa kanya. "Tatlo kayong establishments na nakaharang sa lote ko. 'Yung dalawa, nagkaroon na ako ng initial talks kahapon. They are willing to sell their properties to me."

Nakuha agad ni Diana ang picture kung ano ang ipinapahiwatig nito. "So, binibili mo ang property ko, ganoon ba?"

Walang expression ang mukha nito. "At a price you can't resist, Diana. I'm buying your property sa dobleng presyo sa existing na bilihan ng lupa ngayon just to make sure na walang magiging problema."

Pinamulahan siya ng mukha. Nag-init ang kanyang tainga. "Aba'y teka muna, sino'ng maysabi sa iyo na for sale ang property ko?"

Gusto niyang bayuhin ang mukha ni Ronald. Huwag nitong sabihing guwapo ito, talagang

makakatikim sa kanya ang binata ng hindi pa nito natitikmang salita.

"Alam kong hindi mo ibinebenta ito kaya nga nag-o-offer ako. I'm in a hurry to start building a condominium here kaya ako na mismo ang personal na lumalakad para mabilis ang transaksyon."

Tumayo siya. "Puwes, nag-aaksaya ka lang ng panahon mo, Architect Andres. My property is not for sale."

"Look, Diana. Kahit triple magbabayad ako."

"Mahirap ka bang umintindi? Sinabi nang hindi ko ibebenta kahit gawin mo pang sampung beses ang dagdag ng ibabayad mo."

"And why not?" kunot-noong tanong nito.

Umandar ang katigasan ng ulo niya. "Wala ka sa posisyon para paliwanagan ko kung bakit. This is my property and I'm not selling this."

Nakita niyang namula ang mukha ng kausap.

"It's nice talking to you, Architect Andres. Marami pa akong gagawin," aniya. Mariin ang kanyang salita.

Tumayo ito. "May be you woke up on the wrong

side of the bed."

"Anong—"

"Five million for this less than one hundred square meters lot. That's my initial offer. Kung kulang pa, just tell me."

Nag-init lalo ang mga tainga ni Diana. "Sinabi nang hindi ko ibinebenta ang lupang ito," malakas na sabi niya.

Hindi ito nagpatinag. "Five million pesos and spaces in my mall in Greenhills and Makati. Two years free of rent."

Napatingin siya kay Myles na nanlalaki ang mga mata sa narinig.

Humigop muli ng kape si Ronald bago ito nagsalita. "I'll call you back, Diana. I'll give you two days to decide. Hindi pa ako nakapagbigay ng ganyan kagandang deal sa buong buhay ko. This project is important to me kaya ganito ako ka-eager." Kinuha nito ang wallet sa likod na bulsa ng pantalon at kumuha ng calling card saka ibinaba sa mesa niya. "Just give me a ring if you have decided to have another meeting." Nginitian nito si Myles. "Thank you, Myles, for the warm assistance," anito bago tumalikod at lumabas ng pinto.

Pareho sila ng pinsan na parang natuka ng ahas. Napaupo siya uli sa office chair.

Kinalog ni Myles ang kanyang braso. "Uy, natunganga ka na diyan."

"H-hindi ko kasi alam ang iisipin ko, Ate Myles. Hindi ko alam kung seryoso ang taong 'yon o ano. Kailangan ko muna itong pag-isipang mabuti."

"Hindi naman siya mukhang nagbibiro at saka hindi naman biro ang halagang in-offer niya para sa maliit na loteng ito."

Wala sa loob na dinampot niya ang calling card na iniwan ng lalaki. *Andres Realty and Development Corporation* ang nakalagay na company name. Sa Makati ang opisina niyon at sa ilalim na bahagi ay nakalagay ang pangalan ni Ronald at ang posisyon nito bilang President at CEO.

Napalunok si Diana. Of course, kilala niya ang *ARDC* dahil ito ang may-ari ng ilan sa malalaking buildings at malls sa Makati, Mandaluyong at Quezon City. At kung sinabi ni Ronald kanina na bibigyan siya ng puwesto sa mall sa Makati at Greenhills, ibig sabihin ito mismo ang may-ari ng *RA Super Malls*. And RA meant Ronald Andres.

# 3

Lumipas ang dalawang araw pero wala siyang natanggap na tawag mula kay Ronald. Sa totoo ay nakapagpasya na si Diana na ibenta ang property. Pero hindi naman niya alam kung interesado pa ba ito ngayon.

Alas siete sila nagsasara ng tindahan. Quarter to seven nang pumasok sa opisina niya si Myles.

Ibinababa nila ang roll-up door ng tindahan nang pumarada ang asul na *BMW* ni Ronald sa tapat. Agad na pumitlag ang puso niya pagkakita rito na bumaba mula sa passenger's seat. Ayaw niya ng kanyang nararamdaman. Why did she have to feel that way? It was a very strange feeling.

"Oh, pauwi na kayo?" tanong nito. Nakalapit na ito sa kanila. He was not smiling but his eyes were so warm.

Hindi niya nagawang magsalita agad kaya si Myles ang sumagot. "Hanggang alas siete lang kami, eh."

"So hindi na tayo puwedeng mag-usap?" Sa kanya ito nakatingin.

"Ahm… kung… kung itatanong mo ang sagot ko, p-pumapayag na ako sa offer mo."

Nakita niyang ngumiti ang lalaki; tila na-relieve sa sinabi niya. "Good. So can we discuss the details further over, ahm… dinner?"

Napatingin siya kay Myles.

Agad namang sumagot ang mas nakatatandang babae. "Sumama ka na, Diana. Ako, mauna na kasi naghihintay ang anak ko. May project siyang scrapbook-making na kailangang matapos. Nasa akin ang mga materials niya. Kanina pa nga text nang text."

She was caught unguarded. Nadagdagan ang kaba niya sa isiping mapagsosolo sila ni Ronald ngayong gabi. Bumilis ang pintig ng puso niya.

Nagsalita uli ang lalaki. "You see… gusto kong i-finalize na ang usapan. I will have the Deed of Sale ready by next week. And besides, parang thank you ko na rin sa iyo sa pagbibigay mo sa akin ng malaking pabor."

"H-hindi naman pabor 'yun. You are going to pay me at may iba pang side deal, di ba?"

"No. You are giving me a great favor. You have no

idea how important the project is to me." Bahagyang lumamlam ang mga mata ng kaharap.

Parang nag-init ang kanyang mga mata sa sinabi nito. Of course, alam niya kung bakit napakaimportante para rito na mabili ang property niya. Alam na niya ang kuwento sa likod ng pagkamatay ng asawa at anak nito. And she should know the feeling of losing someone because she had been through it. Sa kanya ay fiancé ang nawala, kay Ronald ay asawa at anak. Doble ang sakit niyon.

"May malapit na restaurant dito," pakli ni Ronald nang hindi na siya nagsalita.

"S-sige, mauna na kayo. Susunod ako," nasabi na lang niya habang nakangiting nakatingin sa kanya si Myles na wari ay nae-excite.

"Why do you have to do that kung puwede naman tayong sabay?"

"I have my car."

"Ganito na lang. Sumama ka sa akin sa kotse ko. My driver will drive your car. Susunod siya sa atin."

Kinailangan muna niyang humugot ng hininga dahil tila nagsisikip ang dibdib niya.

Siniko siya ni Myles na para bang sinasabi nito na umoo na siya.

"S..sige."

Before she knew it, she was already inside the *BMW*. Hindi niya maintindihan kung bakit sobrang lamig ng kanyang mga kamay. Parang naninigas ang panga niya dahil sa nerbyos at hindi niya maintindihan kung bakit kailangan niyang maramdaman iyon.

She was with this man because she was selling her property for a good deal. Hindi niya kailangang kabahan.

Mahigit isang minuto na marahil ang lumipas bago ito nagsalita. "So matagal ka na sa business?"

"F-family business namin ang *Sta. Maria's Cloth and Yarn. Nang namatay ang parents ko, ako na ang nag*-manage. Kaya nga ayoko sanang ibenta, kaya lang mas uunlad iyon kung sa strategic places ilalagay gaya ng… ng offer mo sa malls," aniya sabay sulyap dito.

Ngumiti ito nang tipid. "You're right. And you can experiment on some other things also. Five million is so big an amount kung sa cloth at yarn mo lang gagamitin."

"Ahm… plano ko ring mag-enrol sa crash course ng fashion designing. Hilig ko kasi 'yun. Gusto kong pasukin ang RTW business 'tapos palalakihin ko ang store ko na parang boutique."

Napatingin si Ronald sa kanya. Medyo napatagal ang titig nito dahil nakahinto sila sa stoplight.

"B-bakit?" kinakabahang tanong ni Diana.

"W-wala. I just remembered my… my wife."

Hindi siya nakapagsalita.

Umandar ang kotse. Nagkuwento ito pero sa kalsada nakatuon ang mga mata. "My wife died over a year ago. She's… she's a fashion designer. She owned a boutique in Las Vegas. Siya ang dahilan kung bakit gusto kong tayuan ng condominium ang lote sa Binondo. Before she died, naipangako ko sa kanya na babawiin sa bangko ang property na iyon ng pamilya nila. She would be happy kung patatayuan ko iyon ng building. I'm doing this for her," mahaba-habang anito.

"I… I am sorry to hear about what happened to your w-wife," aniya. And she meant it. Naawa siya bigla kay Ronald dahil sa nakitang kalungkutan sa mga mata nito.

Tumawa ito nang mahina. “Jesus! Forgive me. Nasabi ko agad sa iyo ang tungkol sa personal kong buhay samantalang ngayon lang kita nakilala.”

“No, it’s okay. G-galing din ako sa masaklap na trahedya ng buhay,” aniya.

Before she knew it, nasabi na niya kay Ronald ang kuwento ng buhay niya. He could be considered a total stranger but she told her about her past. Hanggang sa Japanese restaurant na kinainan nila ay kaswal silang nagkuwentuhan. And she liked the fact that it seemed like they had known each other for so long. Marahil ay dahil kapwa sila nagdaan sa masaklap na trahedya ng buhay. Sa totoo lang ay saglit lang nilang napag-usapan ang tungkol sa bayaran ng property. Mas marami silang napagkuwentuhan tungkol sa kani-kanilang sarili.

“I don’t think I can find a better woman than my wife,” saad ni Ronald pagkatapos ay humugot ito ng malalim na buntong-hininga. “She’s my life. She’s everything to me… pati na ang aking anak.”

Parang may sumundot sa kanyang puso; hindi niya alam kung bakit. “B-bata ka pa naman. Malay mo, makakilala ka pa ng iba na mamahalin mo,” aniya na parang nang-aalo ng isang kaibigan.

Umiling ang lalaki. "I'll stay single, ipinangako ko na 'yan sa sarili ko. Noong kamamatay lang ng asawa ko, I was so depressed na para bang gusto ko na ring mamatay. Inisip ko na lang na kapalaran ko siguro 'yon."

"Ganyan din ang naramdaman ko nang naaksidente ang fiancé ko, pero kailangang mabuhay, eh."

"That's right."

"A-at gaya mo, ipinangako ko rin na… na hindi na ako magmamahal uli."

Tumingin ito sa kanya pagkuwan ay ngumiti. "Sinabi ko na nga ba, magkakasundo tayo," anito. "Pareho kasi tayo ng pinagdaanan."

Hindi na nga niya namalayang alas diez na pala ng gabi. Hindi rin niya akalaing magiging ganoon ka-intense ang usapan nila samantalang estranghero sila sa isa't isa.

Nang lumabas sila ng restaurant ay inihatid siya ni Ronald sa kotse niya.

"Thank you again, Diana," anang binata. Nakangiti ito nang bahagya.

"T-thank you rin."

Inilahad nito ang kamay. “I think… I think I found a new friend in you.”

Nang tanggapin niya ang pakikipagkamay nito ay parang may libu-libong boltahe ng kuryente na nanulay sa kamay niya at tumuloy sa kaibuturan ng kanyang puso. “A-ako rin.”

“Akala ko mataray ka nang una kitang na-meet.”

Pakaswal niyang hinila ang kamay bago tumawa. “Masyado kasing presko ang approach mo. Akala ko mayabang ka,” sabi niya.

Tumawa rin ito. “So hindi pala totoo ang kasabihang ‘first impressions last.”

“Oo nga.”

Binuksan nito ang pinto ng kotse. “So… paano? I’ll see you again para sa pagbabayad ko. I’ll give you enough time naman para makapagligpit kayo. Puwede mo na ring bisitahin ang area na ibibigay ko sa iyo sa *RA Malls*.”

Lumunok si Diana. “A-actually, parang nahihiya na akong tanggapin ’yung two years free rent na ibinibigay mo para sa dalawang malls mo. Magbabayad na lang ako.”

“Baka umurong ka kapag nalaman mo kung

gaano kamahal ang per square meter rental rate sa amin," biro nito.

Nagbiro rin siya. "Tatawad naman ako."

Napatawa ito. Pagkuwan ay sumeryoso. "Kasama iyon sa agreement. Two years free rent sa dalawang malls. Tutal, kaibigan na kita, hindi ba?"

"S-salamat."

"You're welcome," nakangiting sabi ni Ronald bago iminuwestra na pumasok na siya sa loob ng kotse niya. "It's getting late. Talaga bang okay lang na mag-drive kang mag-isa?"

"Sanay naman ako."

"Saan ka ba uuwi?" usisa pa rin nito.

"Sa Paranaque."

"Alabang ako. Bakit hindi ka na lang uli sumabay sa akin at driver ko ang mag-drive ng kotse mo? Isang way lang naman pala tayo," suhestyon nito.

"N-naku huwag na. Baka maipit ka sa traffic."

"It's easier to get to Alabang via Sucat Road."

Hindi na naman siya nakatanggi. Ewan ba niya kung bakit parang kampanteng-kampante siya kay

Ronald. Namalayan na lamang niyang nakasakay siya uli sa kotse nito at nakikipagkuwentuhan.

Ilang oras pa lang silang magkasama pero parang kay tagal na niya itong kakilala. For more than three years since Efren died, ngayon lang naging ganoon kakampante si Diana na kasama ang isang lalaki. Na para bang kahit buong magdamag niyang kausap si Ronald ay hindi siya magsasawa.

Nang nakarating sila sa bahay nila ay nagpasalamat siya uli rito. “Thanks again, ha? Gusto sana kitang imbitahan sa loob para makapagkape kaya lang masyadong gabi na.”

Ngumiti ito. “Next time na lang. I have to catch an early breakfast meeting tomorrow kaya kailangan ko ring magpahinga nang maaga.” Sinulyapan nito ang bahay niya. “Goodnight, Diana. It’s so nice knowing you.”

“G-good night. I-ingat ka.”

“Salamat.”

Malayo na ang kotse ni Ronald ay naroon pa rin siya sa gate. Nang makaliko na iyon sa kanto ay saka lang niya binuksan ang gate at ipinasok ang kotse niya.

# 4

Mabilis dumaan ang mga araw. Masasabing naging magkaibigan at business partners na ring maituturing ni Diana si Ronald. Pero ayaw na niya ng nararamdaman para rito. Sa tuwing hindi niya ito nakikita ay nami-miss niya ang binata. Gayunpaman ay pilit niyang nilalabanan ang kanyang nararamdaman. She loved Efren, and Ronald loved his late wife. Walang pagkakataon na hindi nito ikinukuwento ang namayapa nitong asawa kapag nagkakausap sila. She had to control her growing feelings for him.

At para magawa iyon, si Diana na ang gumagawa ng paraan para maiwasan ito. Hindi na siya masyadong pumupunta sa store niya sa *RA Mall*, Makati dahil alam niyang madalas doon ang lalaki. Doon kasi ito nag-oopisina. Sa *Greenhills* store siya madalas na naglalagi. Inabala rin niya ang sarili sa pag-aaral ng fashion designing.

God only knew how much she missed Ronald. How she missed being with him. Hindi na mabilang sa daliri kung gaano sila kadalas kumain sa labas. Ayaw naman niyang bigyan ng kahulugan ang dinner

dates na iyon dahil sa tuwing lumalabas sila ay wala man lang siyang nadamang kakaiba mula sa biyudo. He would always talk about his late wife Noreen. Kung gaano ito kabuting babae… kung gaano ito kaganda… kung gaano nito kamahal si Noreen. Ipinakita pa nga ng lalaki sa kanya ang wallet nito kung saan naroon ang larawan ng nasirang babae. At sa mga pagkakataong iyon ay hindi niya maiwasang masaktan dahil alam niya, ramdam niyang lumalalim na ang pagtingin niya rito. Kaya nga nagdesisyon siyang iwasan na ito. Ang huling pag-imbita nito sa kanya para sa dinner ay hindi na niya pinaunlakan.

Sa pagkakaalam niya, may business trip ito sa Amerika. Ang huling pag-uusap nila ay may tatlong linggo na ang nakakaraan. Iyon ay noon ngang imbitahan siya para mag-dinner.

Pinilit ni Diana na maging normal ang takbo ng buhay niya bagaman habang dumadaan ang mga araw ay lalo niyang naiisip si Ronald. She was wondering if he was not dating other girls. Siyempre, lalaki pa rin ito na may pangangailangan. Nagiging consuelo na lang niya ang isiping mahal na mahal nito ang asawa at wala itong mamahalin. At least, si Noreen lang ang karibal niya.

Gosh! She never thought she could be having

such a crazy feeling. Hindi niya kailanman inisip na bukod kay Efren ay may lalaking aangkin sa kanyang puso. Sa isang lalaki pa na hindi niya dapat mahalin.

Nasa opisina siya nang pumasok si Myles. Ito ang nagma-manage ng outlet nilang iyon sa *Greenhills*.

“May bisita ka,” nakangiting balita nito.

“Sino?” takang tanong niya.

“Si Ronald.”

She felt her heart skip a beat when she heard his name. “S-si Ronald?”

“Oo. Nariyan sa labas. Papasukin ko ba?”

Kinailangan muna niyang lumunok bago magsalita. “A-ano’ng ginagawa niya rito?”

“Ano ka ba naman? Dati naman siyang pumupunta rito, ah. Matagal na kayong magkakilala at saka isa pa, baka nakakalimutan mo na siya ang may-ari nitong mall?” may malisyang turan ni Myles.

“H-hindi sa ganoon. Ibig kong sabihin, akala ko’y nasa Amerika pa siya.”

“Papasukin ko ba?” ulit nito, “o lalabas ka na lang?”

"Lalabas na lang ako. Sige, susunod ako."

Tumango si Myles. Nang nakalabas na ito ay dali-dali niyang kinuha ang pressed powder sa bag at sinipat sa salamin ang mukha. She looked good, she knew. Kagagaling lang niya sa defense ng kanyang feasibility study sa isang fashion school. She was properly madeup and was wearing a fuschia pink dress. Siya mismo ang nagdisenyo niyon.

Ang shoulder-length niyang buhok ay nakalugay lang. May maliit na black hair pin na may maliliit na Swarovski crystals sa isang gilid kaya nagmukha siyang mas bata sa kanyang edad. She hoped Ronald would find her attractive.

Gayunpaman, nag-retouch pa rin siya sa pamamagitan ng pressed powder at pinaraanan ng lip gloss ang mga labi. She also brushed her hair kaya lalo iyong bumagsak.

Nang nasiguro niyang maganda na siya lalo ay saka lang siya lumabas. Hindi niya napigilan ang pagbilis lalo ng tibok ng puso nang matanaw si Ronald na tumitingin sa display ng mga RTW na siya mismo ang nagdisenyo at ipinatahi sa tatlong modista na kinuha niya. Pinagmasdan niya ang malapad na likuran nito habang palapit dito. He was wearing black wool pants and white long-sleeved

polo.

God, she missed him terribly. Nang lumingon ito ay lalong bumilis ang tahip ng kanyang dibdib. *He was more handsome than ever*, she thought.

Ngumiti ito. “Hi!” bati nito. Inilahad niya ang dalawang kamay and to her surprised, he kissed her on the cheek.

Awtomatikong gumapang ang kilabot sa kanyang buong katawan. Pakiramdam niya ay saglit na huminto ang pag-inog ng mundo.

“Kumusta?” tanong nito.

Gusto niyang pagalitan ang sarili dahil sa saglit niyang pagkatulala. What was wrong with her? Bahagya niyang ipinilig ang ulo.

“H-hello, Ronald. Long time no see, ah.” She had to control herself and her emotions. After all, they were friends and business associates.

Ngumiti ito, bagay na lalong nagpatingkad ng kaguwapuhan nito sa kanyang palagay. “Oo nga. Almost a month, I think. At malaki na ang nabago sa stores mo. I saw your outlet in Makati kanina at ito… look, ang laki ng nabago.”

“Bago ka umalis, nagpaumpisa na akong

magpagawa ng mga creations ko. May tatlo na akong mananahi. Pinagawan ko ng extension ang bahay ko para production area." Mabilis pa rin ang tibok ng puso niya. "Actually, tapos na ang crash course ko sa fashion designing. Katatapos nga lang ng defense ko sa feasibility study ko at malaking tulong na may store na ako na naiprisinta. I was top one in the class," pagmamalaki niya na totoo naman.

"That's nice to hear. Congratulations." Tinitigan siya nito nang mataman. "You look good."

It warmed her heart. Did he find her attractive?

Ibinaba niya ang tingin bago uli sumulyap dito. "Ikaw? Kumusta ang business trip mo?"

"Okay naman pero bakit ba dito tayo nag-uusap? Why don't we go to a restaurant or a coffee shop tutal ay gabi na rin naman. At saka ang sabi mo, you're on the top of your class so… it calls for a celebration. I'll buy you dinner."

"Ahm…" nag-iisip ng alibi na ani Diana.

Sa kanyang pagkagitla ay hinawakan nito ang kanyang kamay. "C'mon, let's have an early dinner. Kung ayaw mong i-treat kita, ikaw ang manlibre sa akin," biro nito.

Gosh, na-miss rin ba siya ni Ronald gaya ng naramdaman niya? Gusto niyang pagalitan ang sarili sa pag-iisip ng gayon. Dati nang magiliw kung makipag-usap ang lalaki sa kanya; hindi niya dapat bigyan ng malisya ang ginagawa nito ngayon. Hindi nga ba at sinabi pa nito dati na isa siya sa mangilan-ngilang kaibigang babae nito?

Kaya dapat niyang pigilan ang nararamdaman. Puwede naman niya iyong itago. Pero alam niya, malaking kasalanan sa kanyang sarili kung palalagpasin niya ang pagkakataong iyon. Ayaw na niyang magpakaplastik. She still loved Efren and he would occupy a space in her heart forever. But she had to move on, and she was falling for Ronald inevitably. Hindi naman niya sasamantalahin ang kabaitan nito. She was still in the right senses to know where she stood. She would just savor the wonderful feelings he was evoking in her. Hindi niya hahayaang umabot sa puntong kalilimutan niya ang sariling sanidad.

Akala niya ay sa isa sa mga restaurant lang sa *RA Mall* siya dadalhin ni Ronald, ngunit sa isang cozy piano bar and restaurant sa Libis siya nito dinala.

Madalang na madalang ang mga parehang naroon. Pinili ng arkitekto ang isang mesa sa sulok

ng restaurant.

"It's good to be home," anito nang maka-order sila ng pagkain. "Na-miss ko ang Pilipinas."

*Sana na-miss mo ako kasi na-miss kita.* "Ikaw naman. Saglit ka lang nawala, ah."

"Magulo kasi sa States. Parang hindi na natutulog ang mga tao. Lalo na sa Las Vegas, parang laging umaga."

"Ganoon talaga. Kaya nga maunlad na bansa ang Amerika kasi hindi na natutulog ang mga tao doon. Trabaho nang trabaho." Ngayong nasiguro na niya at natanggap na niya sa sarili na may kakaiba siyang nararamdaman para kay Ronald ay naiilang na siyang makipagkuwentuhan dito.

Nang mai-serve ang pagkain nila ay patuloy lamang ang pagkukuwento ng lalaki na parang hindi napapansin ang pagkailang niya sa sitwasyon. "My wife's business is also doing good."

*'Ayan, sinimulan na naman ang pagkukuwento tungkol kay Noreen.*

"My in-laws were asking kung may kapalit na raw si Noreen sa buhay ko. I told them wala siyang makakapalit kahit kailan."

Parang tinarakan ang puso ni Diana sa sinabi nito. Pero kailangan niyang mag-pretend na balewala lamang iyon. “Parang mga kaibigan ko. Palagi nilang kinukulit kung kailan daw ako iibig uli. Sabi ko, sarado na ang puso ko magmula nang namatay si Efren.” *Pero hindi totoo ’yon. Binuksan mong muli ang puso ko, Ronald.*

Naging mahaba ang kuwentuhan nila. Gabi na nang ihatid siya nito sa bahay niya. Wala itong kasamang driver noon. Nang anyayahan niya itong pumasok sa loob ng bahay ay nagpaunlak ito. Ipinagtimpla ito ng kape ni Nanay Saria; ipinakita naman niya rito ang patahian niya.

Nasundan pa uli nang nasundan ang paglabas-labas nila. Nanood sila ng concerts at stage plays. They even went to see a movie. Dahil sa madalas nilang paglabas ay lalong nahulog ang damdamin niya rito ngunit alam niyang imposibleng matugunan ni Ronald ang kanyang nararamdaman dahil wala naman itong sinasabi tungkol sa kahulugan ng lahat ng pang-iimbita nito.

Timang talaga siya! Bakit niya aasahan iyon samantalang napaka-vocal nito sa pagsasabing walang makakapalit kay Noreen sa puso nito. Gustung-gusto na niyang sabihin dito na hindi

naman niya papalitan si Noreen. Handa siyang maging pangalawang babae sa buhay nito.

She was unfaithful to her feelings to Efren and felt guilty about it but she could no longer control herself.

Nang ihatid niya si Ronald hanggang sa gate ay saglit itong huminto sa paglakad at hinarap siya.

"I was invited by a business associate to spend a holiday in Thailand. Trip for two ticket ang ibinigay. Ahm… I was thinking if you want to go with me," nag-aalangang anito.

Nag-tumbling yata ang puso ni Diana sa tuwa. "A-ako? Iniimbitahan mo?"

"Yes, kung okay sa schedule mo. Sayang naman kasi. He has a new resort at inaalok niya akong mag-invest. Well… he was thinking I'm in a relationship right now." Tumawa ito nang mahina. "Magsama daw ako ng girlfriend. Wala naman akong girlfriend in the real sense of the word, so…. girl friend na lang ang isasama ko. Since ikaw ang maituturing kong closest friend ko ngayon, naisip kong yayain ka."

She was so stunned to utter a word. Para siyang nananaginip lang.

"It's okay kung hindi ka puwede. I can cancel it. Puwede kong ibigay na lang sa iba para hindi naman totally masayang."

"No! P-puwede ako. Ngayon lang ako makakarating sa Thailand kung sakali. Maganda raw doon," hindi napigilang aniya.

"Talagang maganda sa pupuntahan nating resort." Napangiti ito. "So will you be ready by Friday?"

"This coming Friday na?"

"Yes."

Excitement filled her heart. Miyerkules na ngayon. Ibig sabihin, isang araw na lang at magkakasama na sila ni Ronald sa isang romantikong lugar. She never realized she could be this happy. "Okay. I'll be ready then."

"All right. Good night." He bent and kissed her again on the cheek.

Hindi na siya nakapagsalita dahil nakasakay na si Ronald sa kotse nito. Ang nagawa na lang niya ay haplusin ang pisngi niyang hinalikan nito.

---

“Talaga?” nanlalaki ang mga matang tanong ni Myles kay Diana. “Niyaya ka ni Ronald na mag-out of the country?”

“Oo. Bukas na ang alis namin kaya maaga akong uuwi ngayon.”

“Naku, ha! Baka iba na ’yan.” Maging ang mga mata nito ay nanunukso.

“Ano ka ba naman, Ate Myles? Kaibigan ko lang si Ronald,” depensa niya agad.

“Kaibigan nga pero iyon ba ang nararamdaman mo?”

“Ate…” mahinang saway ni Diana.

“Aminin mo na kasi. Hindi ka naman teenager para maglihim-lihim pa diyan.”

Napatungo siya sabay ng pag-iinit ng mga pisngi niya. “Actually, nahihiya ako sa sarili ko sa nararamdaman ko ngayon. Nagi-guilty ako para kay Efren.”

Sukat ba namang nagtatalon sa tuwa si Myles. “Ay, salamat at nagising ka na rin nang tuluyan. In love ka na.”

“Ate Myles, huwag kang maingay. Sekreto natin

ito," saway niya.

"Kapag niligawan ka ni Ronald, sagutin mo agad. Malay mo, kapag nasa Thailand na kayo, ma-develop na 'yun sa 'yo," excited na sabi nito.

"Hindi mangyayari 'yon. Kaibigan lang ang turing niya sa akin. Naaaliw siya dahil pareho kami ng interest ng asawa niya. Other than that, wala na."

"Malay mo nga. Alam mo, ang mga lalaki, madaling ma-develop 'yan."

"Ayokong umasa. Natutuwa lang ako dahil hindi pa pala patay ang puso ko. Na hindi pala ito kasamang nalibing ni Efren. Tumibok uli… kay Ronald nga lang, Pero ibig lang sabihin niyon, may chance iyong tumibok din sa iba."

Hinawakan ni Myles ang kamay niya. "Huwag kang mag-alala. Magpi-pray ako na magkapareho kayo ng nararamdaman ni Ronald. You deserve the happiness."

Ngumiti siya. "Salamat, Ate."

# 5

Sa sinumang nakakakita kina Diana at Ronald, wala marahil mag-iisip na wala silang relasyon. Hindi man sila totally sweet sa isa't isa ay manaka-nakang hinahawakan ng lalaki ang kamay niya o di kaya naman ay inaakbayan siya kapag inaaalalayan. At sa tuwing gagawin nito iyon ay para siyang idinuduyan sa alapaap.

Pagdating nila sa Thailand ay nagtuloy muna sila sa isang hotel. Inihatid siya nito sa kuwartong laan para sa kanya.

"Dito muna tayo magpapalipas ng gabi. Bukas tayo susunduin ni Marius. Sabay-sabay na tayong pupunta sa resort niya," ani Ronald. "You better take a rest for a while 'tapos ay kakatukin kita mayamaya para makapag-dinner tayo sa restaurant sa kabilang kalye nitong hotel. You will see na para tayong nasa Maynila rin dahil maraming variety ng pagkain but naturally, Thai foods ang kakainin natin."

Tumango lang si Diana. Para siyang lumulutang sa sobrang kaligayahang nadarama sa kasalukuyan.

Saglit nga lang siyang nagpahinga. Pagkatapos

ay nag-shower siya at nagpalit ng damit. She always wanted to be beautiful in Ronald's eyes kaya siniguro niyang bagay sa kanya ang isinuot na simpleng maroon off-shouldered cotton blouse at khaki pedal pushers. Hindi na siya nag-apply ng makeup. It would not be a formal dinner anyway.

Nang katukin siya ni Ronald ay handang-handa na siya. When he smiled, she could not help smiling back. Magkaagapay silang lumabas ng hotel.

Tama ang arkitekto. Parang nasa Maynila sila sa dami ng mga hile-hilerang restaurants na nagbebenta ng sari-saring putahe roon. She enjoyed the Thai foods. Masaya pa rin silang nagkukuwentuhan ni Ronald habang kumakain. As usual, si Noreen na favorite topic nito, ang pinag-uusapan nila.

"Paris ang pinakagustong lugar ni Noreen kaya doon ko siya dinala sa aming honeymoon. She grew up like a princess pero naghirap ang pamilya niya at naranasan niya lahat ng sakit. Kaya nang nakilala ko siya, ibinigay ko uli sa kanya ang lahat. I found happiness each time that I saw her happy," anito.

Iyon ang pinakaayaw na topic ni Diana pero wala siyang magawa. She had to listen to his every word concerning his dear wife. She had to pretend she was willing to listen to him even if it was hurting

her feelings. Hindi siya kumibo at panaka-nakang “I see” lang ang nasasabi niya.

Napatitig sa kanya si Ronald mayamaya.

“Bakit?”

Huminga ito nang malalim. “Aren’t you wondering why I always tell you about my wife?”

“Dahil mahal na mahal mo siya. Ayaw mong mawala ang mga alaala niya,” pilit pinakaswal ang tinig na turan ni Diana.

Tumango ito. “Alam mo ba, sa lahat ng mga babaeng nakasama mo, ikaw lang ang matiyagang nakikinig sa akin kapag tungkol sa kanya ang sinasabi ko. Most of them wouldn’t want to listen to my stories and everything.”

Kinabahan siya. Nabasa ba nito ang nasa isip niya. “Bakit naman?”

“Hindi ko alam kung iisipin mo akong mayabang. Ang mga nakikilala kong babae, most of them, if not all, fall for me. Siguro dahil sa financial status ko sa buhay o baka dahil may hitsura rin naman ako.” Sinundan nito ng tawa ang sinabi. “At karamihan sa mga babaeng iyon, did everything to win my attention and win my heart.”

Napalunok siya. “B-bakit mo sinasabi sa akin ’yan?”

“Kasi, sa totoo lang, ikaw lang ang babaeng hindi nagpakita ng ganoong intensyon sa akin. I don’t know pero naiilang kasi ako kapag sinasabi sa akin ng babae na gusto niya ako or something. Ayoko rin kasi na namamahiya ng babae.”

Napalunok muli si Diana. She had to be extra careful with her feelings. Ayaw rin niyang mapahiya. “S-siguro nga kaya madali tayong nagkasundo. Ganoon din kasi ako. Gusto kong… ma-preserve ’yung pangako ko kay Efren.” *Patawarin mo ako, Efren*. “I-ikaw rin lang ang naging c-close friend ko na lalaki after he passed away.”

Humugot ito ng buntong-hininga. “I must admit lalaki lang ako na may pangangailangan but I am very careful when it comes to women interested in me. Sinisiguro kong hindi puwedeng isama ang puso ko.”

“So dahil kaibigan mo ako, secure ka na hindi ko gagawin ’yon?” tanong niya.

“Not only that. But because I know you love Efren,” nakangiting anito.

“S-seriously speaking, a-ayaw mo man lang

bang magkaanak?"

Lumatay ang lungkot sa mga mata ng kaharap. "Nagkaanak na ako. Nawala nga lang. At gaya ng nasabi ko, iisa ang babaeng mahal ko. Paano ko gugustuhing magkaanak sa kahit kaninong babae na hindi ko naman mahal?"

"Paano ang pagsisikap mo? Ang mga ari-arian mo, kanino mo iiwan kung sakali?"

Tumawa si Ronald. "I have nieces and nephews at saka si Noreen rin, may mga pamangkin. Magmula nang maging kami, ipinangako ko na iaahon ko uli sa hirap ang pamilya niya. 'Yung loteng nabili ko sa bangko na pag-aari nila ay dating candy factory nila. Bilang pagtupad sa pangako ko sa kanya na tulungan ang buo niyang pamilya, ginawan ko nga ng paraan na makuha 'yung property at matayuan ng condominium building. It will be named after her—*Noreen Condominium.*"

Napalunok si Diana. Tila may malaking batong biglang bumara sa kanyang lalamunan. "Ibig sabihin, talagang nakapasya ka nang magpakatandang mag-isa?"

"I have my family naman. Nariyan ang mga kapatid ko," sagot nito. "Bakit ikaw? Don't tell me

gusto mong magkaanak?"

"S-sinabi kong mahal ko si Efren at hindi na ako iibig uli, pero naisip ko rin na paano kapag tumanda na ako? Wala akong kapatid at malayo pa sa mga kamag-anak ko."

Ngumiti ito. "So, may posibilidad na magmahal ka uli?"

"Not necessarily. Maaari naman akong magkaanak kahit walang pagmamahal na involve sa magiging tatay ng anak ko, hindi ba?" *At kung sakali, ikaw ang gusto kong maging tatay ng anak ko, Ronald.*

Nangunot ang noo nito. "Really? I'm surprised you're open to that kind of relationship. Are you sure na payag ka sa ganoong set-up?"

"H-ha? Actually, napag-uusapan lang pero wala sa pagkatao ko 'yon. K-kalimutan mo na."

"All right."

Nang ihatid siya uli ng lalaki sa kuwarto niya ay tumakbo na naman ang isip niya. Magdamag na si Ronald ang laman niyon.

Maagang-maaga pa ay sinundo na sila ng kaibigan ni Ronald na si Marius at ng asawa nito na half-Filipina at half-Thai. Nakasundo agad niya si Crista. Nakakaintindi rin ito ng Tagalog. Inakala nga nito na girlfriend siya ni Ronald.

Maganda nga ang resort na kasalukuyan pa lang na ginagawa. Nagtuloy sila sa isang cottage. Agad na nagyayang mag-swimming si Crista na pinagbigyan naman niya. She loved swimming. Iyon nga lang, mula nang namatay si Efren ay ngayon lang uli siya makakapaglangoy sa beach.

Dahil wala siyang dalang swimsuit ay pinahiram na lang siya ni Crista na halos ay kasing-katawan niya.

Nang lumabas sila ni Crista ay sumipol si Marius.

"Wow, you both look like contestants in a beauty pageant," sabi nito. "Miss Philippines and Miss Thailand."

Nagkatawaman sila pero kasabay niyon ay ang pag-iinit ng mga pisngi ni Diana dahil napansin niyang titig na titig sa kanya si Ronald.

Mabuti na lang at hinila na siya ni Crista patungo sa beach. Ngunit alam niya, sinundan sila ng tingin ng dalawang lalaki.

"Maganda si Diana, pare," ani Marius kay Ronald nang bumalik sila sa cottage. Sa verandah ng cottage sila pumuwesto, nakaharap sa beach kung saan tanaw nila sina Diana at Crista. "She's also nice." Inabutan nito ng beer ang kaibigan.

"What do you mean?" maang na tanong niya.

"I'm just wondering kung bakit mo siya isinama dito kung hindi mo naman pala siya girlfriend. You could have brought another woman."

"Marius, best friend kita. I had flings after Noreen died pero wala akong naging seryosong relasyon. At kung iniisip mong fling ko rin si Diana, nagkakamali ka. She's a friend. A real friend." Lumagok siya ng beer mula sa bote.

"Para kasing hindi kapani-paniwala na walang namamagitan sa inyo."

Lumagok siya muli ng beer habang nakatutok ang mga mata kay Diana kahit bahagya na lang niya itong matanaw mula sa kinaroroonan nila. Nakikipaghabulan ang dalaga kay Crista.

"Ako mismo ay hindi rin nag-akala na magiging close friend ko si Diana," kuwento ni Ronald. "We

have so many things in common. She's a good listener. Maybe that's the one thing I like about her. At saka pareho silang mahilig ni Noreen sa fashion design."

Tinitigan siya ni Marius. "Don't you think iyang mga dahilang iyan ang palatandaan na gusto mo na siya?"

"Pare, that's impossible."

"Anong imposible? Kailangan mo ng katuwang sa buhay, pare. Magdadalawang taon ka nang balo. At kung ako ang tatanungin mo, sa nakikita ko, you and Diana are a good couple."

Nangunot ang noo ni Ronald. "Huwag mo nang babanggitin 'yan, Marius. Nakakahiya kung may makakarinig na iba." Tumayo siya.

Tumayo rin si Marius. "Okay, kung talagang 'yan ang prinsipyo mo, fine. Ang hangad ko lang naman ay kaligayahan mo."

Tiningnan niya muli si Diana. Kung naghahanap man siya ng kapalit ni Noreen sa puso niya, malaki ang chance ni Diana. Pero ayaw niyang mangyari iyon dahil nasisiguro niya, sa kalagayan ng puso niya ngayon, kawawa lang ang dalaga kung sakali.

"Halika, samahan natin silang mag-swimming," aya ni Marius sa kanya.

Pinagbigyan naman niya ito. Ilang sandali pa ay naghahabulan na sila ni Diana. At ewan ba ni Ronald kung bakit biglang nag-iba ang pakiramdam niya ngayong magkadikit ang mga katawan nila ng babae habang nasa tubig. Ayaw niyang haluan ng malisya ang pagkakaibigan nila. She was not an easy girl. Kaibigan niya ito at bagaman hindi pa bumibilang ng taon ang samahan nila ay alam niyang may kaunting lalim na rin iyon.

Marahil ay dahil binuksan ni Marius ang isip niya sa posibilidad na magkaroon sila ng romantic involvement ng dalaga kaya siya nakakaramdam ng gayon. Subalit ngayon pa lang ay kailangan na niyang putulin ang bigla na lang bumabangong pagnanasa niya para rito.

Tama. Pagnanasa lamang iyon ng isang lalaki para sa isang napakagandang babae. Pero maling kay Diana niya iyon maramdaman dahil isa itong mabuting kaibigan.

"I'll go ahead," mayamaya ay paalam niya rito.

Nagulat si Diana. Bigla na lang kasi niyang binitiwan ito sa kamay. "B-bakit?"

"I have to make an overseas call to Manila," pagdadadahilan niya. "Nalimutan ko, baka kanina pa hinihintay ng secretary ko ang tawag ko."

"S-sige."

---

Nang gabing iyon ay lalong hindi nakatulog si Diana. Nakabaon pa rin sa utak at puso niya ang masayang sandali nila ni Ronald sa beach kanina. Nang magkadaiti ang mga katawan nila, nang niyakap siya nito mula sa likuran ay may naramdaman siya sa kanyang likuran. Ronald was in total arousal, she knew it. And she was, too!

Nakakahiya mang aminin, inasam niyang sana ay ang araw nang iyon ang maging simula ng lahat pero nabigo siya. Ramdam niya ang pag-iwas bigla ni Ronald sa kanya.

Nadarang ito bilang lalaki at agad nitong naisip ang pagmamahal sa asawa nito kaya lumayo agad.

Nag-init ang sulok ng mga mata ni Diana. Namalayan na lamang niyang pumapatak na pala ang kanyang luha.

Mahal na niya si Ronald!

---

Bumalik din naman ang dating pakikitungo ni Ronald sa kanya nang sumunod na araw. Hindi na nga lang ito uli sumama sa kanilang mag-swimming. Nagkakasya na lamang ito sa panonood sa kanila ni Crista habang nakikipag-inuman kay Marius.

Noong huling gabi nila bago bumalik sa Pilipinas, nagkaroon ng party sa buong resort. Dahil hindi pa naman open iyon sa mga bisita dahil on-going pa ang construction kaya sila-sila lamang ang nagsaya.

Inuman. Kainan. Masaya ang lahat. Pati si Diana ay nakisaya rin nang husto. Itinuturing niyang iyon ang pinakamasayang sandali ng buhay niya pagkatapos na makaalis sa pagkalugmok sa pagdurusa sa pagkawala ni Efren sa buhay niya na ilang taon din niyang dinamdam. Isa pa, masaya siya dahil kasama niya si Ronald. At iyon ang pinakaimportante para sa kanya sa kasalukuyan.

Hindi naman siya nagpapakalasing. Red wine lang ang iniinom niya. Pero si Ronald, kanina pa niya nakikitang walang hinto sa pagtungga ng whiskey. Kasama nito si Marius at isa pang lalaki na nakilala nilang kaibigan din ng mga ito.

Mag-a-alas dos na ng madaling-araw nang matapos ang kasiyahan. Lasing na lasing si Ronald. Pati si Marius ay marami ring nainom. Magkatulong

sila ni Crista sa pag-alalay sa dalawang lasing papasok sa cottage.

Hirap na hirap siya kay Ronald. Isinampay niya ang braso nito sa balikat niya habang pasura-suray na naglalakad ito. Hingal na hingal siya nang nakarating sila sa cottage nila. Pabagsak na inihiga niya ito sa kama nito.

Umuungol ito sa sobrang kalasingan. Natataranta tuloy siya. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. Ang alam niya, noong bata pa siya at nalalasing tatay niya, pinupunasan ito ng nanay niya ng malamig na tubig.

Kumuha si Diana ng bimpo sa banyo bago naglagay ng malamig na tubig sa palanggana.

Inumpisahan niyang punasan ang mukha nito. "Bakit naman kasi nagpakalasing ka nang todo?" sita niya.

Umungol lang ito. Pagkuwan ay ginagap ng lalaki ang palad niya. Na wari ay pinipigilan siya sa kanyang ginagawa.

"Kailangang mahimasmasan ka. Lasing na lasing ka," sabi niya bago itinuloy ang ginagawa. Napalunok siya nang dumako ang kanyang kamay na nagpupunas sa matipunong dibdib. Puro buhangin

din iyon kaya kailangan talagang malinisan. Subalit habang ginagawa iyon ay palakas nang palakas ang tibok ng kanyang puso.

Alam ng Diyos kung gaano niya pinipigilan ang sarili na ilapit ang mukha niya rito para halikan. Pinipigilan niya ang sarili para ilapat ang pisngi niya sa matipunong dibdib nito.

Ilan pang punas at nagpasya na siyang tapusin ang ginagawa. Kailangan na niyang iwan si Ronald dahil kung hindi ay baka kung ano pa ang magawa niya. Tatayo na sana siya nang biglang abutin nito ang kanyang kamay. At muntik na siyang mapasigaw nang hilahin nito ang braso niya. Napasubsob ang mukha niya rito at agad na ginagap ni Ronald ang mga labi niya. And he kissed her.

It was a very intoxicating kiss. He tasted of wine. Mapait pero anong tamis ng halik na iyon.

Jesus! She could not believe it. Matagal-tagal niyang inaasam iyon. It seemed like the best kiss she had ever had all her life. Kahit pa inakala niya noon na walang ibang lalaking makapagdudulot ng matamis na halik sa kanya maliban kay Efren, nagkamali siya. It was Ronald's kiss that brought a cascading sensation down her spine.

Hindi na niya nakontrol ang sarili. Natagpuan na lamang niyang tinutugunan na niya ang bawat halik ni Ronald, pati ang mga haplos nito. She did not care if he was drunk at malaki ang posibilidad na hindi nito alam ang ginagawa. Wala na siyang pakialam. She was very happy. At walang sinuman o anumang makahahadlang sa maaaring mangyari.

Hindi na niya alam ang mga sumunod na naganap. Basta ang alam niya, dinala siya ni Ronald sa isang mundong bago sa kanya, na noon lang niya narating… mundong hindi nagawang ipadama ni Efren sa kanya noon.

Wala siyang pagsisihan na ibinigay niya ang kanyang pagkababae sa pangalawang lalaking minahal niya.

Nakadapa si Ronald sa kama pagkatapos. Tulog na tulog ito. Pinagmasdan niya itong mabuti.

"Mahal na kita," bulong ni Diana. Pero sigurado siya sa sarili, hindi niya oobligahin si Ronald na panagutan ang nangyari sa kanila. Hindi niya alam kung magtatapos na ang pagkakaibigan nila dahil doon.

Nag-init ang sulok ng kanyang mga mata. Kung anuman ang consequences ng nangyari, wala siyang

dapat sisihin kundi ang sarili niya. Lasing si Ronald; siya ang nasa tamang pag-iisip. Gayunpaman, wala siyang maramdamang pagsisisi.

Hinaplos niya ang buhok ng lalaki bago dinampot ang kanyang mga saplot at patiyad na lumabas ng kuwarto ni Ronald at lumipat sa sariling silid.